


EPP-AFA

Modyul 1: Pakinabang sa Pagtanim ng Halamang Ornamental



**EPP-AFA Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Modyul 1: Pakinabang sa Pagtatanim ng Halamang Ornamental
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Loralyn D. Casulla
Editor: Jelly M. Flores
Tagasuri: Filip P. Canas
Tagaguhit: Jason C. Borabo
Tagalapat: Jeffrey B. Sape
Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas,
Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Lita T. Mijares,
Salvador T. Pelingon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Site, Rawis Legaspi City, 4500
Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373
E-mail Address: deped.rov@deped.gov.ph

EPP-AFA
Modyul 1:
Pakinabang sa Pagtatanim ng
Halamang Ornamental

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod na layunin;

- natatalakay ang kapakinabangan ng halamang ornamental para sa pamilya at pamayanan.



Subukin

Isulat ang √ (tsek) kung tama ang sinasabi sa pangungusap at x (ekis) kung mali. Sagutan ito sa inyong kwaderno.

- _____ 1. Ang mga halamang ornamental ay nagsisilbing palamuti sa tahanan at pamayanan.
- _____ 2. Ang pagtatanim ng halamang ornamental ay nagdudulot ng polusyon sa kapaligiran.
- _____ 3. Ang halamang ornamental ay puwedeng pagkakitaan.
- _____ 4. Ang pagtatanim ng halamang ornamental ay nagbibigay kasiyahan sa pamilya at pamayanan.
- _____ 5. Ang mga halamang ornamental ay nagbibigay liwanag sa kapaligiran.

Lesson**1****Agriculture and Fishery
Arts: Pakinabang sa
Pagtatanim ng Halamang
Ornamental*****Balikan***

Pagmasdan natin ang ating halaman sa paligid na may mga halamang ornamental. Maraming pakinabang ang naidudulot sa mag-anak at pamayanan ng pagtatanim ng mga halamang ornamental. Isa na rito ang pagpapaganda ng bakuran dahil sa mga bulaklak at dahon na nagtataglay ng magandang kulay. Nalilinis din nito ang maruming hangin sanhi ng polusyon at ginagawang sariwa ang hangin sa ating kapaligiran. Ang pagtatanim ay maituturing din na maganda at kapaki-pakinabang na gawain o libangan. Higit sa lahat kung ito ay magiging isang gawaing pang-kabuhayan makatutulong ito sa pang-araw-araw na gastusin ng pamilya.

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga halamang ornamental na makikita sa inyong tahanan at sa ating kapaligiran. Ibigay ang angkop na uri o klase nito kung ito ay **namumulaklak**, **dahon**, **puno**, o **mapalumpung**.

Gayahin ang halimbawa

Mga halaman

Uri ng Halaman

1. Rosas



Fig. 1 Loralyn Casulla , rosas, 2019

namumulaklak

2. Ilang-Ilang



Fig. 2 Loralyn Casulla, Ilang-ilang , 2019

3. San Francisco



Fig. 3 Loralyn Casulla, San Francisco , 2019

4. Kalachuchi




Fig. 4, Loralyn Casulla, Kalachuchi , 2019



Tuklasin

Halina't tayo ay magbasa!!!



“Nakaupo ang nanay sa may bintana ng bahay. Nakatingin siya sa kanilang bakuran. Katabi niya ang bunsong anak na si Lito. “Ano po ang iniisip mo Nanay? Mukha pong napakahalaga?” Tanong ni Lito. “Iniisip ko lang anak ang ating bakuran na nakatiwangwang at walang mga halaman. Nais ko sana itong taniman at nang mapakinabangan. Sa paraang ito magiging maganda ang ating paligid at hindi lamang ito makatutulong sa atin kundi makakatulong pa tayo sa paglilinis ng maruruming hangin sa ating kapaligiran.””


Sagutin ang mga sumusunod na tanong ayon sa iyong binasa.

1. Ano ang nasaisip ni nanay habang nakatingin sa bintana at bakanteng bakuran?
2. Sa inyong palagay, ano ang kabutihang dulot ng pagtanim ng mga halamang ornamental na naisip ng Nanay sa kwentong binasa?



Suriin

Tingnan ang larawan at suriin itong mabuti.




Sagutin ang mga sumusunod na tanong ayon sa larawan.

1. Ano ang iyong naramdaman habang pinagmamasdan mo ang larawan?

2. Kung ikaw ay may ganitong lugar, anong kapakinabangan na sa tingin mo ang maidudulot ng pagtatanim ng halamang ornamental?
3. Magbigay ng iba pang kabutihang naidudulot ng pagtatanim ng halamang ornamental.

Tandaan Mo:

Maraming kapakinabangang naidudulot sa mag-anak at pamayanan ang pagtatanim ng halamang ornamental ito ay ang mga sumusunod :



1. Nakapipigil sa pagguho ng lupa at pagbaha – kumakapit ang mga ugat ng mga punong ornamental sa lupang taniman kaya nakakaiwas sa landslide o pagguho ng lupa. Ang mga punong ornamental ay nakatutulong din sa pag-iingat sa pagbaha dahil sa tulong ng mga ugat nito




2. Naiiwasan ang polusyon – gamit ang mga halaman/punong ornamental naiiwasan natin ang polusyong dulot ng maruruming hangin na nagmumula sa usok ng sasakyan, sinigaang basura, at masamang amoy na kung saan nalilinis ang hangin na ating nalalanghap.




3.Nagbibigay lilim at sariwang hangin- may matataas at mayayabong na halamang ornamental gaya ng kalachuchi, ilang-ilang, pine tree at marami pang iba na maaaring itanim sa gilid ng kalsada katulad ng isang lugar na pwedeng masilungan ng mga tao. Sinasala ng mga punong ito ang maruruming hanging sanhi ng usok ng tambutso, pagsusunog at napapalitan ng malinis na oxygen na ating nilalanghap.



4.Napagkakakitaan – maaaring maibenta ang mga halamang ornamental na hindi naitanim o magpunla sa pasong mga itim na plastic bag o lata ng mga halamang ornamental na pwedeng ibenta, ito ay nagiging pera para panustos sa pang-araw-araw na gastusin.



5.Nakapagpapaganda ng kapaligiran – sa pamamagitan ng pagtanim ng halamang ornamental sa paligid ng tahanan, parke, hotel, at iba pang lugar, ito ay nakatatawag ng pansin sa mga dumadaan na tao lalo na kung may namumulaklak at mahalimuyak.



Pagyamanin

A. Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Lagyan ng **K** kung may *kabutihang dulot* sa pagtanim ng halamang ornamental at **WK** kung ito ay *walang kabutihang naidudulot*. Gawin ito sa kuwaderno.

- _____ 1. Nahinto sa pag-aaral si Mario kaya naisipan niyang magtanim ng halaman upang maging kapaki-pakinabang ang kanyang oras.
- _____ 2. Nag-ani ng mga bulaklak si Pedro sa kanilang halamanan at ito ay ipinagbili niya sa palengke.
- _____ 3. Nagtanim ng halaman sa paaralan ang mga mag-aaral ngunit hindi nila ito inalagaang mabuti at napabayaang.
- _____ 4. Nawalan ng trabaho si Mang Erning kaya naisipan niyang gumawa ng garden sa kanilang bakuran.
- _____ 5. Nagtungo sa kanilang halamanan sina Karen at Luna. Silang dalawa ay kumuha ng mga dahon at namitas ng mga bulaklak at pinaglaruan nila ito.

B. Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Anu-ano ang mga kabutihang naidudulot ng halamang ornamental?
2. Sa anong paraan ka makatutulong upang mapanatiling maganda at malinis ang hangin na iyong nalalanghap?



Isaisip

A. Isulat sa patlang ang **Oo** kung tama ang sinasabi sa pangungusap at isulat naman ang salitang **Hindi** kung ito ay mali. Gawin ito sa kuwaderno.

- _____ 1. Ang halaman ay bahagi ng ating kalikasan na kaloob ng Maykapal. Dapat natin itong alagaan, pahalagahan at pagyamanin.
- _____ 2. Nakatutulong sa pamilya ang pagtatanim ng halaman sa likuran ng bahay.
- _____ 3. Nagdudulot ng masamang hangin at maruming paligid ang mga halamang ornamental.
- _____ 4. Nakagiginhawa sa buhay ang mga halaman sa ating kapaligiran.
- _____ 5. Ang halamang ornamental ay nagsisilbing palamuti sa tahanan at pamayanan.

B. Ipagpatuloy ang graphic organizer sa ibaba ayon sa kabutihang dulot ng pagtatanim ng halamang ornamental sa pamilya at pamayanan. Gamitin ang mga salita na nasa loob ng kahon.

Nagbibigay lilim at sariwang hangin


Nagpapaganda ng kapaligiran

Nakapagpipigil ng pagguho ng lupa

Nakaiiwas sa polusyon

Napagkakakitaan

Magandang libangan



Isagawa

Gumawa ng isang album ayon sa kapakinabangan na nakukuha sa pagtanim ng mga halamang ornamental. Suriin ang nagawang album gamit ang tseklist para sa antas ng kahusayan sa pagkagawa:

Pamantayan	Antas ng kahusayan			
	1	2	3	4
May maganda at angkop na pagkagawa ng disenyo ng album				

Maayos ang pagkakasunod-sunod ng paggawa ng album				
Malinis ang pagkakagawa				
Kabuuan				

Batayan

- 4 - napakahusay
- 3 - mahusay
- 2 - sapat
- 1- Kulang pa sa husay



Tayahin

Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong kwaderno

1. Ang mga sumusunod ay mga kapakinabangan sa pagtatanim ng mga halamang ornamental maliban sa:
 - a. Nagsisilbi itong libangan at pampalipas ng oras.
 - b. Nagbibigay ito ng kabuhayan sa pamilya.
 - c. Nagpapataas ito sa presyo ng mga biling sa palengke.
 - d. Nagbabawas ito ng maruming hangin sa kapaligiran.

2. Paano makatutulong sa pagsugpo ng mga polusyon sa hangin at kapaligiran ang pagtatanim ng halamang ornamental?
 - a. Nagsisilbing palamuti sa tahanan at pamayanan
 - b. Nalilinis nito ang maruming hangin sa kapaligiran.
 - c. Nagpapaunlad ng pamayanan.
 - d. Nagbibigay kasiyahan sa pamilya.

3. Bakit mahalaga ang pagtanim ng halamang ornamental?
 - a. Nakapagpapaganda ito ng ating kapaligiran.
 - b. Nakapagbibigay ito ng sariwang hangin at sumusugpo sa polusyon.
 - c. Nakapagpapaunlad ito ng kabuhayan.
 - d. Lahat ng nabanggit.

4. Nagtanim ng halamang ornamental ang mga batang nasa ikaapat na baitang. Anong kabutihan ang maidudulot nito sa kanila?
 - a. Magandang ehersisyo para sa kanilang katawan.
 - b. Mabuting gawain
 - c. Nalibang sila
 - d. Lahat ng nabanggit.

5. Ang mga sumusunod ay ang mga kahalagahang nakukuha sa pagtanim ng halamang ornamental maliban sa isa;
 - a. Karagdagang kita sa pamilya
 - b. Dagdag na gawain
 - c. Mabuting paraan ng pag-aliw
 - d. Nakapagpapaganda ng paligid.



Karagdagang Gawain

Gumawa ng sanaysay tungkol sa kapakinabangan ng pagtanim ng halamang ornamental. Gawin ito sa malinis na papel.

Binabati kita at matagumpay mong nasagutan ang lahat ng gawain sa araling ito



Susi sa Pagwawasto

Surtin

1
2
3. } Saringling sagot ayon sa kanyang nararamdama o karamasan

Balikan

1. Narumulaklak
2. Narumulaklak
3. Mapahumpong
4. Narumulaklak
5. Punong ornamental

Subkin

1.
V

2.
X

3.
V

4.
V

5.
V

Tayahin

1. C
2. B
3. D
4. D
5. B

Sanggunian:

Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera.
2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4*. Pasig City:
Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph